




Editoryal

Wakasan ang di pantay na relasyon sa US! Parusahan ang traydor na si Arroyo!

Malaking katrayduran at paninikluhod sa interes ng US ang pagsusuko ng rehimeng Arroyo kay Lance Corporal Daniel Smith sa kustodiya ng US noong Disyembre 29. Walang kasinggarapal na ipinamalas ni Gloria Arroyo ang kanyang pagkatuta sa imperyalismong US nang kanyang iutos na ilipat mula sa Makati City Jail tungo sa US Embassy ang sundalong Amerikanong nahatulan sa salang pagghasa sa Pilipinas si "Nicole."

Malaking kabulastugan ang sinasabi ni Arroyo na iniutos nya ang pagsusuko kay Smith sa US "alin-sunod sa kapakanan at interes ng Pilipinas" at sa layuning "iligtas ang estratehikong relasyon" ng US at Pilipinas na nanganganib na masira sa aniya'y di pagtupad sa Visiting Forces Agreement (VFA). Katunayan, ang pagsusuko kay Smith sa kustodiya ng US ay pagghasa sa soberanya ng Pilipinas at karagdagang pag-



lapastangan sa biktima si "Nicole." Ito ay aroganteng pagwawasiwas ng kapangyarihang *superpower* ng US, kasuklam-suklam na pagpapakatuta ng rehimeng Arroyo at tahasang pag-alipusta sa pambansang dignidad ng mamamayang Pilipino.

Patagong itinakas ng gubyernong Arroyo si Smith mula sa Makati City Jail at ibinigay sa US Embassy sa laking takot na putulin ng US ang ayuda militar nito sa Pilipinas. Hayok na hayok si Arroyo sa ayudang ito para magamit niyang pansuhol sa mga bulok at pasistang heneral na sumusuhay sa kanyang paghahari. Asang-asa rin siya sa mga segundamanong sandata para ipanlaban sa mga rebolusyonaryong pwersa at ipanduro sa mamayahan. Tahasang inamin ni Chief Presidential Legal Counsel Sergio Apostol na "wala tayong mapagpipilian kundi ibalik si

Mga tampok sa isyung ito...

Itinakas ni Arroyo si Daniel Smith

PAHINA 3

P125 dagdag sa sahod, ipinasa sa Kongreso

PAHINA 6

Kaguluhan, himagsikan sa Iraq, lalong titindi

PAHINA 10

Smith sa US Embassy dahil ang ekonomya natin ay nananatiling nakasalalay sa America."

Mismong si US President George W. Bush ang nagbabala kay Gloria Arroyo na kailangang tupidin ang VFA at ibalik sa kanila si Smith. At upang bigyang-diin ang puntong ito at igit ang pagbawi kay Smith, kinansela ng US ang nakatakdang Balikatan *joint military exercises* at ipinatigil ang lahat ng "rekonstruksyon" sa Mindanao at mga diumano'y "humanitarian mission" ng mga tropang Amerikano sa mga lugar na tinamaan ng mga sakuna. Pinalalabas nilang malaking kawalan para sa mamamayang Pilipino ang pagpapatigil sa mga ito.

Sa paggigiit nitong ibalik si Smith sa awtoridad ng US, binastos at sinagasaan ng papet na rehimeng Arroyo ang mga batas, korte at prosesong hedisyal na umiiral sa Pilipinas. Ginawa ang paglipat nang madalian at sa panakaw na paraan disoras ng gabi at sa panahong sarado ang mga korte upang maiwasan ang agarang malakas na reaksyon ng mamamayan at ang anumang maihahadlang ng korte.

Sa pagpapatakas kay Smith, nilapastangan at pinangunahan ng re-

...ang pagsusuko kay Smith sa kustodiya ng US ay paggahasa sa soberanya ng Pilipinas at karagdagang paglapastangan sa biktima ng "Nicole."

himeng Arroyo ang Court of Appeals (CA) na naghahanda noon na maglabas ng desisyon sa petisyon ni Smith. Kaya gayong ang desisyon ng CA noong Enero 2 ay sumuporta sa naunang desisyon ni Judge Benjamin Pozon na ikulong at panatilihin si Smith sa Makati City Jail, ito'y nawalan na ng saysay at bisa dahil sa aktwal ay ibinalik na ni Arroyo si Smith sa poder ng US Embassy.

Iginigiit ng gubyernong US at Arroyo na ang pagbabalik kay Smith sa US Embassy ay alinsunod sa mga probisyon ng VFA. Ang sadayang malalabong probisyon nito ay kinasangkapan nila sa mga manobra at pangangatwirang sa katunaya'y lampas-lampas na rin sa VFA. Sa kanilang pagdadahilan, lalo lamang nilang ibinubunyag ang di pantay at mapang-aping katangian ng VFA at pagiging taliwas nito sa interes ng mamamayang Pilipino. Lalong nagiging malinaw na ang tanging layunin ng VFA ay ang pagtatanggol sa mga interes ng US

at mga pwersang militar nito sa Pilipinas. Ni ayaw na ring pag-usapan ng US ang anumang susog dito na gustong ihabol ng ilan para umano remeduhan ang tumampok na mga kontradiksyon nito sa mga batas at prosesong hedisyal na umiiral sa Pilipinas.

Nagkakamali ang US at ang papet na rehimeng Arroyo sa tanyang maiwasan at matatakanan nila ang galit at pagtutol ng mamamayang Pilipino. Ang pagpapatakas sa kriminal na sundalo ng US mula sa kulungan at hurisdiksyon ng Pilipinas at ang pagtatanggol nila sa VFA at sa kabuuang mapang-api at mapang-abusong dominasyon ng US sa bansa ay hindi maaaring "unawain" ng mamamayang Pilipino, tulad ng gusto ni Arroyo. Sa halip, bunga ng mga ito ay lalo pang itinutulak ng US at ng rehimeng Arroyo ang mamamayang Pilipino na sumiklab sa galit, magkaisa at pag-ibayuhin ang laban sa patuloy na pagdidikta, panghihiimasok at pang-aabuso ng US sa Pilipinas.

Nagkakaisa ang mamamayang Pilipino sa sigaw na ibalik sa kulungan sa Pilipinas si Smith bilang parusa sa kanyang krimen. Nagkakaisa rin ang mamamayang Pilipino sa pagsigaw na ibasura ang Visiting Forces Agreement, ang US-RP Mutual Defense Pact at katulad na mga di pantay na kasunduan, at wakasan na ang mapang-aping relasyon ng US at Pilipinas. At nagkakaisa rin ang mamamayang Pilipino na singilin, parusahan at pataksikan sa poder si Gloria Arroyo at lahat ng kanyang mga kasabwat sa pagtataroydor sa bayan at pagtataguyod sa interes ng dayuhang kapanayarihan.

AB

ANG BAYAN

Taon XXXVIII Blg. 1 Enero 7, 2006

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Itinakas ni Arroyo si Daniel Smith	3
Bakit ayaw pagtibayin ni Arroyo ang ICC	4
Matatagumpay na opensiba ng BHB	
11 armas nasamsam ng BHB	4
Tuso at walang kwenta ang tigil-putukan ng AFP noong Pasko	5
P125 dagdag sa sahod, ipinasa sa Kongreso	6
Executive Order 366, tinututulan	7
Pagtaas ng matrikula sa UP	7
Pananalanta ng pasistang estado	
3 lider ng Bayan Muna sa Bikol, magkakasunod na pinaslang	9
Sa ibayong dagat	
Kaguluhan, himagsikan sa Iraq, lalong titindi sa pagbitay kay Hussein	10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Itinakas ni Arroyo si Daniel Smith

Ginulantang ang buong bayan noong gabi ng Disyembre 29 nang walang sabi-sabi at walang kautusan ng korte ay inilikas ng Malakanyang si Lance Corporal Daniel Smith mula sa Makati City Jail at isinuko sa kapangyarihan ng US. Nakakulong si Smith sa Makati City Jail mula noong Disyembre 4 alinsunod sa kautusan ni Judge Benjamin Pozon ng Makati Regional Trial Court na siyang humatol kay Smith sa salang pagghasa kay "Nicole."

Ang kautusang ilabas si Smith ay nanggaling mismo kay Gloria Arroyo at isinakatuparan ng mga upisyal ng Department of Local Government at tauhan ng PNP at Bureau of Jail Management and Penology. Ilang oras bago ito iutos ng presidente, madaliang nagkonsultahan sina Arroyo at ang mga upisyal ng US Embassy sa isang pulong sa Baguio City.

Isang malaking anomalya sa prosesong ligal ang biglang paglilipat kay Smith sa US Embassy. Ayon sa batas ng reaksyunaryong gubyerno, tanging ang korte ang may kapangyarihan na mag-utos ng pagkukulong at paglilipat sa sinumang bilanggo. Ngunit iniutos ng Mala-

kanyang ang paglilipat kay Smith habang mayroon pang kasong naka-salang sa Court of Appeals (CA) na mismong si Smith ang nagsampa.

Isinampa ng mga abugado ni Smith ang petisyon sa CA noong Disyembre 15. Ani Smith, "inabusó" ni Judge Pozon ang kanyang kapangyarihan nang tanggihan niya ang unang petisyong ilipat si Smith sa US Embassy. Iginiit ng panig ni Smith na alinsunod sa mga probisyon ng Visiting Forces Agreement (VFA), ang sinumang sundalong Amerikano na nasampahan ng kaso ay kailangang ipailalim sa kustodiya ng US "habang hindi pa tapos ang mga prosesong hudisyal." Inilinaw ni Pozon na ang "prosesong hudisyal" ay nagtapos nang hatulan niya si Smith noong Disyembre 4.

Ang bagong petisyong inihain sa CA ay itinaguyod mismo ng Malakanyang at US Embassy. Bukod sa pagsusumite ng kasunduang pinirahan ni US Ambassador Kristie Kenny at Foreign Affairs Sec. Alberto Romulo, sumuporta ang Malakanyang sa pamamagitan ng isinumiteng dokumentong pirmado nina Executive Secretary Eduardo Ermita at Solicitor General Eduardo Nachura. Katulad ng petisyon ni Smith, iginiit kapwa ng US Embassy at Malakanyang na alinsunod sa VFA ay kailangan siyang ipailalim sa kustodiya ng US "habang hindi pa tapos ang mga prosesong hudisyal."

Binalewala ng Malakanyang kahit ang sarili nitong petisyon sa CA at isina-


katuparan ang paglilipat kay Smith mula sa Makati City Jail patungo sa US Embassy. Minadali ng Malakanyang at gubyernong US ang paglilipat kay Smith dahil inaasahan nilang hindi kakatigan ng CA ang kanilang petisyon.

Inilabas ng CA noong Enero 2 ang desisyon nito na kumakatig sa naunang desisyon ni Pozon at nag-gigiiit na marapat manatili si Smith sa Makati City Jail. Gayunpaman, ang desisyon ito ay nawalan ng saysay dahil sa aktwal ay wala na si Smith sa kulungan at wala na sa saklaw ng kapangyarihan ng korte.

Ang isinagawang paglilipat kay Smith ay kaagad na nag-udyok ng matitinding pagbatikos at protesta. Sunud-sunod na mga kilos-protesta ang inilulunsad ng iba't ibang sektor sa harap ng US Embassy upang igiit ang pagbabalik kay Smith sa kulungan bilang parusa sa kanyang krimen at upang batikusin ang rehimeng Arroyo sa malaking kataksilan nito sa bayan. Dagdag dito, nagbitiw din bilang Undersecretary of Foreign Affairs at tagapangulo ng Presidential Commission on the RP-US Visiting Forces Agreement si Zosimo Paredes bilang protesta sa ginawa ng Malakanyang.

Kaalinsabay ng mga ito, lalo pa ngayong lumalawak ang panawang ibasura ang VFA matapos tumampok ang pagkatagibang ng kasunduan at pagiging mapang-api at mapangyurak nito sa mamamayang Pilipino.

Nagawa man ng Malakanyang at ng US na maibalik si Smith sa US Embassy, nagtagumpay lamang sila sa higit na pagpapaalab ng patriotsimo ng mamamayan. Hindi pa tapos ang laban. Asahang lalo pang sisigla at dadagundong ang mga protesta sa mga darating na araw. **AB**



Bakit ayaw pagtibayin ni Arroyo ang ICC

Ang paggigiit ng US na dapat nitong hawakan si Lance Corporal Daniel Smith kahit nahnatulan na siya sa krimeng panggagahasa at nakakulong na sa isang bilangguan sa Pilipinas ay nakapagpatingkad sa aroganteng pananaw ng US na ang mga tropa nitong nagkasala ay hindi dapat ipailalim sa mga batas at prosesong hudisyal ng ibang bansa gaano man karu-mal-dumal ang kanilang krimen.

Isa sa mga bunga ng gayong pananaw ang patuloy na pagtanggi ng US at maging ng tuta nitong si Gloria Arroyo na ratipikahan ang International Criminal Court (ICC). Sa halip, itinutulak ng US ang pag-iral ng mga katulad ng Visiting Forces Agreement (VFA) sa mga bansa kung saan ipinadadala at pinalalahok sa mga aktibidad militar ang mga tropang Amerikano. Ang mga VFA na pinaiiral ng US ay mga di patas at mapang-aping kasunduang nagtitiyak na napoproteksyunan higit sa lahat ang interes ng US at ng mga sundalo nito.

ormal na itinatag ang ICC noong 2003 alinsunod sa Rome Statute ng 1998, isang tratadong pinirmahan ng 139 bansa, kabilang ang Pilipinas at ang US. Binigyan ng pandaigdigang tratadong ito ang ICC ng kapanayarihan na litisin ang mga gubyerno at indibidal na nagkasala ng henosidyo, mga krimen laban sa sangkatauhan at mga krimen sa digma.

Pagsapit ng kalagitnaan ng 2006 ay umabot na sa 104 bansa ang pormal na nakapagratiyika ng ICC. Ang US at Israel na parehong kabilang sa mga nagratipika sa ICC noong Disyembre 2001 ang tanging bumawi ng kanilang mga lagda. Binawi ng US ang pirma nito noong Mayo 2002.

Para lalong pahinain ang ICC, itinulak ni Pres. George W. Bush ng US ang pagpapasa sa US Congress ng American Service Members Protection Act (ASPA) noong Agosto 2002 para proteksyunan ang mga sundalong Amerikano at sikaping mailibre sila sa saklaw ng ICC o anupamang korte labas sa US. Sa paglulunsad ni Bush ng "gera laban sa terorismo" at paglawak na ng saklaw nito sa Afghanistan, Pilipinas, Georgia, Yemen at iba pang bansa, nangamba ang gubyerno at militar ng US sa dami ng maaaring isampang kaso laban sa US at mga pwersang militar nito.

Di sumang-ayon ang United Nations (UN) na ilibre ang US sa mga obligasyon nitong tumalima sa tratado kahit binawi na nito ang pagkilala sa ICC. Subalit taun-taong nahihiiling dati ng US sa UN na ipwera ang mga tropang Amerikano sa saklaw ng ICC. Hindi na ipinagkaloob ng UN ang pribilehiyong ito mula nang

MATATAGUMPAY NA OPENSIBA NG BHB



11 armas nasamsam ng BHB sa Aurora at Surigao del Norte

Labing-isang malalakas na armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa dalawang walang putok na reyd nitong Disyembre at Enero sa Aurora at Surigao del Norte. Dalawa ring upisyal ng Philippine National Police (PNP) ang napataw nang ambusin ng mga Pulang mandirigma ang isang komboyo ng militar at pulisia sa Agusan del Sur noong Disyembre.

Sa Aurora, nakakumpiska ang BHB ng apat na rifle at isang M79 grenade launcher nang salakayin nito ang isang presinto ng PNP sa Maria Aurora nitong madaling araw ng Enero 4. Mabilis na nakon-

Sundan sa "11 armas...," sa pahina 5

nalantad sa buong mundo ang mga pang-aabuso ng mga sundalo ng US sa mga bilanggong Iraqi noong 2004.

Pinipilit ngayon ng US ang lahat ng hawak nitong mga papet na rehimen, kabilang ang gubyernong Arroyo na huwag ratipikahan ang ICC. Nakasaad sa ASPA na alinmang gubyernong magpapatibay sa ICC ay tattangalan ng US ng lahat ng ayuda militar, kaya hanggang ngayon ay tumatanggi si Arroyo na isumite sa Senado ang tratado upang pormal itong maratipikan.

Muling tumambad sa publiko noong Agosto ang pagtanggi ng rehimeng Arroyo na pagtibayin ang ICC nang gawing kundisyon ng European Union (EU) ang pagpirma rito ng Pilipinas para mabigyan ngayudang pang-ekonomya ang bansa o makapasok ito sa mga kasunduang pangkalakalan sa EU. Kabi-kabilang batikos ang tinanggap noon ni Arroyo sa Europe dahil sa marumi niyang rekord ng paglabag sa karapatang-tao. Kaysa suwayin niya ang US ay pinili ni Arroyo na mabigo sa pakikipagkasundo sa EU.

Isa pang dahilan ng pagtanggi ni Arroyo na lagdaan ang ICC ang mahigit 800 nang kaso ng mga pagpaslang at mahigit 200 nang kaso ng pagdukot sa mga lider at myembro ng mga progresibong organisasyon na isinasagawa ng kanyang mga armadong galaway. Ang sistematisong mga paglabag ng kanyang rehimeng Arroyo ng mga krimen laban sa sangkatauhan. **AB**

trol ng mga gerilya ang presinto dahil tulog ang dalawang pulis na gwardya rito nang sumalakay ang BHB.

Sa Surigao del Norte, anim namang malalakas na armas ang nagsamsam ng 6th Platoon ng Pulang Diwata Command ng BHB nang salakayin nito bandang alas-6 ng umaga noong Disyembre 23 ang bahay ng despotikong meyor ng Malimono, Surigao del Norte na si Clemente "Loloy" Sandigan Jr. Nakumpiska ang dalawang M16, dalawang M14, isang M79 *grenade launcher*, isang karbin, 57 magasin, walang *military vest* at mahigit isang libong bala.

Si Sandigan ay retiradong kordonel ng dating Integrated National Police. Gawi na niyang maghasik ng lagim sa kanyang bayan laluna tuwing may elekson. May inaarmasan siyang mga abusadong sibilyang pawang may mga kriminal na rekord. Ang mga armadong *goons* na ito ang responsible sa panununog ng mga bahay, paninira ng mga kagamitan sa hanapbuhay, panunutok ng baril, arbitrarilyong pamamaril, sapilitang pagpasok sa mga bahay, pambubugbog at iba pang paraan ng pagbabanta. Dahil sa takot, marami nang mga residente ang napi-litang lumikas.

Bago ito, dalawang upisyal ng PNP, kabilang si Insp. Enrico Bamba, hepe ng pulisia sa San Luis, Agusan del Sur ang napatay nang ambusin ng BHB ang kanilang komboyo sa Sityo Bayanihan, Barangay Robaco, San Luis noong alas-3 ng hapon ng Disyembre 20. Napatay din ang kanyang *deputy* na si SP02 Espiridion Palma. Sina Bamba at Palma ay kasama sa tinambangang komboyo ng mga tauhan ng 42nd IB. Nasugatan din sa ambus ang di pa malamang bilang na mga sundalo.

AB

Tuso at walang kwenta ang tigil-putukan ng AFP noong Pasko

Tuso, huwad at walang kwenta ang deklarasyon ng Malakanyang ng apat na araw na *suspension of offensive military operations* (SOMO)

noong nakaraang Pasko at Bagong Taon. Katulad ng nagdaang mga deklarasyon ng reaksyunaryong rehimeng, ginamit lamang ito ng mga reaksyunaryong armadong pwersa bilang kober sa paghahanap ng mga pagkakataon para patraydor na makaatake sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong baseng masa, kasabay ng patuloy na pananalakay sa mga aktibista at iba pang oposisyon. Di iilang pagkakataon sa nakaraan na may deklarado ring SOMO ang gubyerno subalit naglulunsad pa rin ang militar ng mga atake sa mga yunit ng BHB at sa mga pinagsususpectsahang sumusuportang masa. Katunayan, noong Disyembre 31, na saklaw ng SOMO ng AFP, ay pinaslang ng mga *death squad* nito si Rodolfo Alvarado, *provincial coordinator* ng Bayan Muna sa Albay.

Walang nakitang dahilan ang PKP upang suklian ang mapanlilang na deklarasyong SOMO ng isang rehimeng walang kapantay ang karahasan at terorismo laban sa mamamayan. Sa halip, nanawagan ang PKP sa mga rebolusyonaryong pwersa at masa na magmatay sa mga patraydor na atake ng kaaway laluna tuwing may ganitong okasyon at patindihin pa ng BHB at ng rebolusyonaryong mamamayan ang digmang bayan laban sa bulok, papet at pasistang rehimeng Arroyo.

Ang panawagang ito ay nilaman din ng pahayag ng Komite Sentral sa pagdiriwang ng ika-38 anibersaryo ng pagkakatataag ng PKP noong Disyembre 26. Ipinahayag ng PKP na hangad ng rebolusyonaryong kilusan at ng sambayanan na mapatalsik ang naghaharing pangkating Arroyo sa lalong madaling panahon lalo na sa harap ng pagmamaniobra nitong patagalin pa ang sarili sa poder. Hinikayat ng pamunuan ng Partido ang mga rebolusyonaryong pwersa na "gawin ang lahat ng posible at kinakailangan upang ilantad ang

mga krimen ng rehimeng sambayanan para mahiwalay, mapahina at mapatalsik ito sa poder."

Gayunman, sakaling tumagal pa sa kapangyarihan ang rehimeng Arroyo sa pamamagitan ng paggamit ng dahas at panlilinlang, ayon pa sa PKP, "ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa ay magkakaroon ng sapat na pagkakataon upang humalaw ng lakas mula sa malawak na nagkakaisang prente at sa kilusang masa (at) makapagpapalawak at makapagpapaigting ng digmang bayan habang ang malawak na masa ng sambayanan ay nagsisikap na humulagpos sa di mabatang pang-aapi at pagsamantala ng rehimeng Arroyo."

Kasabay nito, nanawagan ang PKP sa kasapihan nito na samantala hin ang mga umiigting na pakikibaka para palawakin ang hanay nito. Anito, "ang masinsin at malaganap na armado at ligal na mga anyo ng pakikibaka ay tuluy-tuloy na nagluluwal ng mga bagong rekrut na may malakas na motibasyon at militansya."

Sundan sa "Tuso...," sa pahina 6

₱125 dagdag sa sahod, ipinasa sa Kongreso

Pitong taon matapos itong punang iharap sa Kongreso, naipasa nitong Enero 4 ang panukala ni Rep. Crispin "Ka Bel" Beltran ng partidong Anakpawis na ipatupad ang pambansa at lahatang (*across-the-board*) ₱125 dagdag sa arawang sahod para sa mga manggagawa sa pribadong sektor. Kahit pa kulang na kulang ang itinatakda nitong umento kumpara sa araw-araw na pangangailangan, itinuturing itong mahalagang tagumpay sa pakikibaka ng mga manggagawa para sa pambansang umento sa sahod.

Nang pagbotohan ito sa Kongreso, wala ni isang tumutol sa kabila ng pagiging maka-Arroyo ng nakararami roon. Inaasahang mai-papasa rin ito sa Senado. Gayunpaman, malamang na di aaprubahan ni Arroyo ang panukalang batas na ito, laluna't kinakatigan niya at ng mga punong upisyal sa kanyang gabinete ang matinding pagtutol dito ng malalaking kapitalistang dayuhan at kumprador.

Nang unang ipanukala ito ni Ka Bel noong 2001 bilang kinatawan pa noon ng Bayan Muna sa Kongreso, umaabot na sa ₱445.53 ang pangangailangan sa pang-araw-araw ng isang anim-kataong pamilya para mabuhay nang disente. Sa kabilang banda, ang pinakamataas na minimum na arawang sahod noon ay ₱250 na natatanggap lamang ng mga manggagawa sa National Capital Region. Umaabot lamang sa

₱222.42 ang pambansang abereyds, ayon sa datos ng Department of Labor and Employment (DOLE).

Taun-taon nadaragdagan ng mahigit ₱40 ang halagang kinakailangan para mabuhay nang disente ang anim-kataong pamilya sa bawat araw, ayon mismo sa mga datos ng gubyerno. Umabot ito sa ₱695 noong 2006 at ngayong 2007 tinatayang aabot na ito sa ₱750. Sa kabilang nito, sa pamamagitan ng mga Regional Wage Board (RWB), naitaas lamang hanggang ₱283.67 ang abereyds na minimum na sahod o ₱38.67 sa loob ng nakaraang anim na taon!

Ang matagal nang iginigiit ng mga manggagawa na ₱125 dagdag sa arawang sahod ay hinihiling nilang ibigay sa kanila nang buo. Pero dahil sa mga pagtawad ng Kongreso, makukumpleto lamang ito sa loob ng tatlong taon—₱45 sa 2007 at tig-₱40 sa susunod pang dalawang taon. Tuluyan mang maisabatas at masimulang isakatuparan ito ngayong taon, sapat lamang ang umento para punuan ang halagang naidaramdag taun-taon para mabuhay sila nang disente. Kukulangin pa rin ang mga manggagawa ng mahigit ₱400 o mahigit kalahati ng kanilang mga batayang arawang pangangailangan sa susunod na tatlong taon.

Gayunpaman, kung tuluyang maisabatas ang umento sa sahod, makapagbibigay ito ng kagyat



na bahagyang kaluwagan sa milyun-milyong manggagawa. Mas malaki pa rin ang mga taunang dagdag na ito kumpara sa kakarampot na mga umentong pinahihintulutan ng mga RWB na sa matagal na panaho'y siyang tanging nagpasya sa anumang pagtataas sa minimum na sahod para lamang sa kani-kanilang saklaw na rehiyon. Ang mga RWB ay kinabibilangan ng mga kinatawan ng mga kapitalista, ng maka-negosyanteng Department of Labor and Employment at ng mga dilawang union.

Isang malaking pampulitikang tagumpay kung maisabatas ang pambansang umento sa sahod. Produkto ito ng matiyagang pagsisikap at kolektibong mga aksyon ng mga manggagawa para labanan ang kawalang-katarungan, karalitaan at papaliit na sahod. Ang pambansang umento sa sahod ay matagal nang iginigiit ng mga manggagawa sa harap ng pamimilit ng mga reaksyunaryo na idaan sa mga RWB ang proseso ng pagtataas ng sahod na ginagamit upang hati-hatiin ang mga manggagawa at pahinain ang kanilang pagkakaisa. Kung maisabatas, ang Kongreso ay magiging signipikanteng larangan ng pakikibaka para sa dagdag na sahod kung saan mas maikokonsentra ang ko-

"Tuso...," mula sa pahina 5

Muli ring ipinahayag ng PKP ang atas nito sa BHB na kamtin ang rebolusyonaryong hustisya para sa lahat ng mga biktima ng nagpapataloy na kampanya ng terorismong estado ng rehimeng Arroyo. Inatasan nito ang BHB na parusahan ang "pinakamasasahol na naghahasik ng mga paglabag sa karapatang-tao at mangungurakot." Dagdag pa ng PKP, "ang pinakamainam na pagkakataon para arestuhin o sagupain ang mga halimaw ng rehimeng Arroyo ay kapag sila ay mabilis na bumulusok sa pulitika."

AB

lektibong lakas ng mga manggagawa sa buong bansa.

Paultit-ulit na idinadahilan ni Arroyo at ng mga pu-nong upisyal niya ang pananakot ng malalaking dayuhan at kumprador na kapitalista na ang pagsasabatas ng malaking pagtataas ng sahod ay magbubunga umano ng maramihang pagsasara ng mga kumpanya at pagtatanggal sa trabaho ng milyun-milyong manggagawa. Taliwas ito sa ulat na isinumite ng gubyerno kaugnay ng naglalakihang kita ng malalaking kapitalistang dayuhan at kumprador nitong mga nakaraang taon.

Gaano man kalakas ang reaksyon, gaano man kati-gas ang mga balakid na inilalagay ng mga reaksyunaryo, bulok at anti-manggagawang upisyal ng gubyerno at ganid na malalaking kapitalista at anuman ang mga hirap at sakripisyong kailangang daanan nila, hindi titigil ang mga manggagawa sa kanilang pakikipaglaban para sa makatarungan at nakabubuhay na sahod at iba pang karapatan. Ang usapin ng nakabubuhay na sahod ay di lamang buhay-at-kamatayang pakikibaka para sa kanila. Bahagi ito ng tuluy-tuloy na pakikibaka ng uring manggagawa para wakasan ang kasalukuyang mapagsamantala at mapang-aping sistema. AB

Executive Order 366, tinututulan

Tinututulan ng mga kawani ng gubyerno, kasama ang mga progresibong partido, ang Executive Order 366 ng rehimeng Arroyo, o ang pakanang "rasyunalisasyon" ng burukrasyang sibil na nangangahulungan ng malawakang pagtatanggal ng mga kawani sa iba't ibang ahensya.

Sa tangkang ilusot ito, tusong itinali ni Arroyo sa pakanang ito ang panukalang pag-umento sa sweldo ng mga kawani mula Hulyo 2007. Katulad ng mga manggagawa, malaon nang nananawagan para sa dagdag na ₱3,000 kada buwan ang mga kawani upang matugunan ang kanilang mga batayang pangangailangan. Tumatanggap lamang ng ₱5,082 kada buwan ang pinakamababang kawani ng gubyerno, gayong umaabot sa minimum na ₱16,900 ang buwanang pangangailangan nila at ng kanilang mga pamilya.

Subalit alinsunod sa EO 366, di hamak na mas malalaki ang tatanggaping dagdag na sweldo ng pamunuan ng iba't ibang burukrasya kumpara sa mga ordinaryong kawani. Pinakamalaki ang idaragdag sa sahod ng presidente (143%) at mga myembro ng gabinete (147%) habang tatanggap lamang ng 14-29% na dagdag sa sahod ang mga kawanning nasa mabababang antas. AB

Pagtaas ng matrikula sa UP, mahigpit na tinututulan



Nitong Disyembre 15, inaprubahan ang hangang 300% pagtaas ng matrikula at iba pang mga bayarin sa University of the Philippines (UP). Pinagtibay ito ng Board of Regents (BOR) ng UP sa kabilang malawakang pagtutol at protesta ng mga estudyante at guro. Tusong binago ng BOR ang lugar ng pulong nito kaya't di nakadalo ang kinatawan ng mga estudyante at guro, na kapwa tutol sa desisyon.

Alinsunod sa desisyon ng BOR, ang singil sa bawat *academic unit* ay tataas mula ₱300 tungong ₱1,000 sa mga kampus ng Diliman, Manila at Los Baños; at mula ₱200 tungong ₱600 sa mga kampus ng Baguio, Visayas at Mindanao. Tataas naman ang *miscellaneous fees* mula ₱600 tungong ₱2,000 para sa mga kampus ng Diliman, Manila, at Los Baños; mula ₱595 tungong ₱1,405 sa mga kampus ng Baguio at Visayas; at mula ₱830 tungong ₱1,640 para sa Mindanao. Ipatutupad ang bagong bayarin sa mga *freshman* sa susunod na semestre.

Labinlima ang minimum na rekisitong *academic unit* na kinukuha ng mga estudyante sa isang semestre. Dati'y ₱5,000 hanggang ₱9,000 ang kadalasang binabayaran ng isang estudyante bawat semestre sa UP. Sa inaprubahang bagong bayarin, aabot na sa ₱17,000 hanggang ₱20,000 ang kailangang bayaran para sa matrikula at *miscellaneous fees*.

Kasabay ng pagtaas ng matrikula, nirebisa rin ng BOR ang Socialized Tuition and Financial Assistance Program (STFAP). Ang STFAP ay isang iskema ng paniningil ng matrikula kung saan itinatakda ang

bayarin ayon sa kita ng magulang. Inilalarawan itong isang sistemang "progresibo" dahil ang mga estudyante raw ay "pinagbabayad ayon sa kakayahang magbayad." Ito'y tusong propaganda para pagtakpan ang tunay na layunin nitong magpalitaw ng pinakamalaking posibleng pondo mula sa matrikula, bagay na malaking kabalintunaan para sa isang pampublikong universidad na dapat ay nagbibigay ng libreng serbisyon pang-edukasyon.

Lalo ngayong malinaw na maki-kita ang tunay na layunin ng STFAP nang baguhin ng BOR ang pagkakategorya ng mga estudyante, kung saan pinalawak ang depinisyon ng "may kaya." Layunin nitong palakihin ang bilang ng mga estudyante teng magbabayad, bawasan ang inilalaang subsidyo at sa gayo'y tiyakin ang maksimum na kita. Nang una itong ipatupad noong 1989, hinati nito ang mga estudyante sa siyam na kategorya, kung saan ang pinakamababang limang kategorya ay walang babayarang matrikula at tatanggap ng iba't ibang antas ng benepisyto.

Sa bagong iskema, lima na lamang ang kategorya kung saan iisang kategorya ang makikinabang sa libreng matrikula. Sa ganitong

Nirebisang STFAP

Bracket	Taunang kita ng magulang	Babayarang matrikula kada yunit sa UP Diliman, Manila at Los Baños
A	₱1 milyon pataas	₱1500
B	₱500,001-₱1 milyon	₱1,000
C	₱135,000-₱500,000	₱600
D	₱80,001-₱135,000	₱300
E	₱80,000 pababa	wala

pagbabago ng pagkakategorya, tinatayang aabot sa 80% ng mga pasok ng UP ay pagbabayarin na ng napakalaking matrikula. Malala pa, balak na ilimita na lamang sa 650 estudyante ang bibigyan ng subsidyo. Sa bagong STFAP, ang ikinakategorya na lamang na "mahirap" na di pagbabayarin ng matrikula ay yaong ang taunang kita ay di lalagpas sa ₱80,000 na di hamak na mas mababa pa sa nakatakdang minimum na sahod na ₱325/araw sa Metro Manila. (Sa dating iskema, nakatakda sa taunang kita na ₱130,000 ang hangganan ng mga di pinagbabayad ng matrikula.) Malaking kabulastugan ang ganitong pagkakategorya! Mismong ang National Wages and Productivity Commission ay nagsasabing ang arawang gastusin para mabuhay nang disente ang isang anim-kataong pamilya ay umaabot na sa ₱695 (o ₱253,675/taon). Kung kumikita ang magulang ng estudyante nang ganitong sahod na sapat lamang sa arawang pangangailangan, pagbabayarin sila ng UP nang hanggang ₱9,000-₱18,000 kada taon o halos 300-700% mas mataas kumpara sa kasalukuyang bayarin.

Mula't sapul, mariin nang tinututulan ng mga estudyante, guro at komunidad ng UP ang tusong STFAP. Tulad noong 1989, layunin lamang nitong pagtakpan ang pagpapabaya ng pambansang gobyerno sa UP. Dahil dito, patuloy na


naninindigan ang mga estudyante na ibasura ang tusong iskemang ito at ipatupad sa kagyt ang patakarang libreng edukasyon sa UP at lahat ng mga pampublikong universidad.

Sa panibagong pagtaas ng matrikula sa UP, lalong ipinapasam sa mga estudyante at kani-lang magulang ang responsibilidad ng gobyerno na tustusan ang edukasyon. Sa malao't madali, buong-buong isasabalikat na ng mga estudyante ang mga gastusin sa edukasyon sa UP, na wala nang malaking pagkakaiba sa mga pribadong unibersidad na pag-aari ng mga kapitalista.

Walang tigil ang prosesong ito ng komersyalisasyon sa harap ng patuloy na pagpapabaya ng pambansang gobyerno sa UP at buong sistemang edukasyon. Katulad sa iba pang mga pampublikong paralan, sa UP ay taun-taong may idinadagdag ang administrasyon na iba't ibang mga bayarin. Ipinupursige ang komersyalisasyon ng mga lupain at iba pang ari-arian ng unibersidad.

Katulad ng iba pang mga institusyon hawak ng gobyerno, itinakdang dapat kumita ang UP upang tustusan ang lumalaking bahagi ng operasyon nito. Samantala, mailalaan ng gobyerno ang pondo nito sa pagbabayad sa mga panlabas na utang ng Pilipinas.

Bilang pampublikong paman-





tasan, marapat lamang na libre kundi man abot-kaya ang edukasyon sa UP. Sa muling pagtaas ng matrikula, lalong ipagkakait ang karapatang ito sa nakararaming naghihirap na Pilipinong mag-aaral na hirap na hirap na ngang makaabot ng kolehiyo dahil sa patuloy na pagsirit ng mga gastusin bunga ng komersyalisasyon ng edukasyon.

Nagkakaisa ang mga estudyante, guro at kawani ng UP sa paglaban sa pribatisasyon at komersyalisasyon ng operasyon ng UP. Hinalampon din nila ang administrasyon ng UP na makiisa sa pananawagan at pakikipaglaban upang dagdagan ng sapat na badyet ang unibersidad at ang sektor ng edukasyon. Ang edukasyon ay batayang karanasan ng mamamayan at hindi privilege. Nararapat lamang na patuloy na batikusin at labanan ang kapabayaan ng gobyerno sa obligasyon nito sa edukasyon at mga serbisyo sosyal para sa mamamayan.

AB

Badyet ng UP

Nitong nakaraang apat na taon, halos kalahati lamang ng iminumungkahing badyet ng administrasyon ng unibersidad ang inaprubahan sa pambansang badyet. Para sa 2003, nagsumite ng ₱7.3 bilyong badyet ang UP; ₱7 bilyon noong 2004; ₱6.3 bilyon noong 2005; ₱7.8 bilyon ngayong 2006; at ₱8.4 bilyon para sa 2007. Lagi't lagi, mahigit ₱4 bilyon lamang ang ipinagkakaloob ng gobyerno, habang ipinapasa sa pamantasan ang responsibilidad na maghanap ng pampuno sa pangangailangan nito. Tulad ng iba pang serbisyo pangpanlipunan, hindi prayoridad ng rehimeng US-Arroyo ang sektor ng edukasyon.

AB

3 lider ng Bayan Muna sa Bikol, magkakasunod na pinaslang

Magtagtapos na lamang ang taong 2006, di pa rin tumigil ang mga *death squad* ni Arroyo. Isang kilalang lider progresibo sa Bikol ang pinaslang, isang konsultant ng NDF ang dinukot at dalawa pang militanteng lider ang pinatay sa patuloy na paghahasik ng terorismo rehimeng Arroyo.

Disyembre 31. Walong beses na pinagbabaril ng militar hanggang sa matay si Rodolfo "Pong" Alvarado, 53, *provincial coordinator* ng Bayan Muna (BM) sa Albay. Pinaslang siya mga alas-5:45 ng hapon habang nagmama-neho ng kanyang sasakyen sa Barangay San Lorenzo, Ligao, Albay. Siya ang ikaanim na nominado ng BM noong eleksyon 2004. Siya rin ang ika-122 na myembro ng BM at ika-814 na biktima ng eks-trahudisyal na pamamaslang mula nang manungkulan si Gloria Arroyo.

Samantala, binugbog ng militar at pinaputukan ng armalay ang mga residente ng Barangay Languyin, Polillo, Quezon dahil itinatago umano nila ang mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Isang tagabaryo, si Juanito San Jose, 53, ang dinukot ng militar. Ninakawan din ang ilang residente ng ₱12,000 at tatlong *cell-phone*.


Disyembre 30. Pinaslang ng tatlong nakamotor-

siklong myembro ng *death squad* sina Victor Gardose, bise alkalde ng Tapaz, Capiz at kanyang badi-gard sa gitna ng pagdiriwang ng pista. Inaakusahan siyang tagasuporta ng BHB.

Disyembre 24. Pinatay ng mga sundalo ng 59th IB si Juan Sangalang, 59, myembro ng Haligi ng Batangueñong Anakdagat (Habagat), pamprubinsyang tsapter ng Pagkakaisa ng mga Mamamalakaya ng Pilipinas. Binaril si Sangalang sa loob ng kanyang bahay sa Sityo Pinagapugan, Barangay San Diego, Lian, Batangas mga alas-4 ng umaga. Nasugatan din sa pamamaril ang kanyang kapitbahay na si Bobby Espaldon. Pinabulaanan ng Karapatan ang pahayag ng militar na napatay si Sangalang sa isang engkwentro sa pagitan ng militar at BHB.

Disyembre 22. Pinaslang ng mga berdugo ng gobyernong Arroyo bandang alas-10 ng umaga sa Barangay Dancalan, Donsol, Sorsogon si Francisco Bantog, pamprubinsyang tagapangulo ng BM. Dalawampung tama ng kalibre .45 ang natamo ni Bantog mula sa tatlong elemento ng nakamotor-

siklong *death squad*. Si Bantog ang pangatlong militanteng lider ng Sorsogon na pinatay sa loob lamang ng dalawang linggo. Bago ito ay pinaslang ang progresibong abugadong si Gil Gojol noong Disyembre 12 at si Cris Frivaldo ng BM noong



Disyembre 11.

Sa araw ding ito, binaril ng isang nakamotorsiklong mamamay-tao si Rufino "Butch" Gamboa, korespondent ng DZMM at reporter ng DWNE Palayan City habang papauwi mula sa isang aktibidad sa San Jose City, Nueva Ecija. Natamaan ang kanyang kaliwang braso at dibdib.

Disyembre 21. Dinukot si Cesar Batralo, isang konsultant ng

NDF, habang papunta ang naturang biktima sa isang pagtitipon ng pamilya sa San Pablo City. Si Batralo ang ika-94 na *desaparecido* noong 2006 at ika-207 mula 2001. Ikalima rin siyang konsultant ng NDF na dinukot noong 2006 at hindi pa natatagpuan hanggang ngayon.

Mula Setyembre hanggang sa kasalukuyan. Target patayin ng mga *death squad* ni Arroyo si Artemio Principe, 53, lider-magsasaka na tubong Niugan, Bulacan dahil pinaghihinalaan siyang myembro ng BHB. Patuloy na nagtatago at palipat-lipat ang kanyang pamilya sa kung saan-saang lugar para makailag sa mga berdugo.

Ganito rin ang sinapit ni Lenny Dizon, taga-Angeles, Pampanga at ang kanyang 53 anyos na ina. Nitong nakaraang dalawang buwan ay palipat-lipat ang magina para makaligtas sa mga sundalong tumutugis sa kanila. Si Lenny, 25, ay myembro ng Aguman da reng Maglalautang Capampangan, lokal na tsapter ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Noong Nobyembre 17 ay dinukot ng mga sundalo ang kanyang kapatid na si Romulos Robinos, myembro ng Anakpawis. Hindi pa siya inilitaw hanggang ngayon. **AB**



Kaguluhan at himagsikan sa Iraq, lalong titindi sa pagbitay kay Saddam Hussein



Walong paglubay ang armando paglaban ng mama-mayang Iraqi sa kabilang pagbitay kay Saddam Hussein, 69, presidente ng Iraq na inagawan ng US ng kapangyarihan nang lusubin nito ang bansa sa ikalawang pagkakataon noong 2003. Sa atas ng US, binitay ng papet na gubyerno si Hussein noong Disyembre 30 bilang parusa sa kanya umanong pagpatay noong 1982 sa 142 Iraqi na inakusahan ng pagtatrayedor. Ang hatol kay Hussein ay ibinaba ng papet na korte noong Nobyembre matapos ang iligal at bogus na paglilitis na kinatangian ng mahigpit na pagkontrol at pagdidikta ng US at maraming anomalya at karahasan. (*Tingnan ang artikulong "Hatol na kamatayan kay Saddam Hussein, dikta ng US" sa isyung Nobyembre 7, 2006 ng Ang Bayan*).

Ang mabigat na pananagutang ikinaso kay Hussein ay sinikap ng US at papet na rehimen na ipansapaw sa walang katulad na karahasan at iba pang krimen ni Pres. George W. Bush ng US laban sa mamamayang Iraqi.

Inakusahan ng US si Hussein ng pagpatay ng daanlibong Iraqi sa loob ng kanyang 35 taong paghahari. Ngunit sa loob ng nakaraang apat na taon, di hamak na mas malaking bilang ang pinatay at di hamak na mas malala ang pinsalang idinulot sa mga Iraqi ng brutal na pananakop ni Bush sa Iraq. Si Bush ang responsable sa pagkamatay ng mahigit 665,000 sibilyang Iraqi, sa malawakang pagkawasak sa kabuhayan, daanlibong bahay, estratehikong imprastruktura at batayang serbisyo sa Iraq. Dati pa'y daanlibo nang Iraqi, karamihan mga bata, ang



namatay bunga ng ipinataw na embargo ng US sa Iraq mula 1991 hanggang 2003. Bukod pa rito ang pagwawaldas ni Bush sa buhay ng mahigit 3,000 nang mga sundalo ng US dahil sa kanyang iligal at brutal na pananakop. Mahigit 25,000 pa ang nasugatan at 200,000 ang dumanas ng "war shock" at iba't ibang sakit sa pag-iisip dulot ng gera.

Kabilang sa mga kasong isinampa ng US laban kay Hussein ang henosidyo at pamamaslang sa mga Shi'ite at Kurd sa panahong itinuturing pa siyang mahigpit na kaalyado ng US sa Middle East. Ibayong sinulsulan ng US at mga kaalyado nitong iba pang imperialis-tang bansa sa Europe ang alitan sa pagitan ng mga etnikong grupo sa Iraq—mga Sunni Arab (na kinabiliangan ni Hussein), Shi'ite at Kurd. Ang US pa ang nagsuplay ng mga armas na ginamit umano ni Hussein para isagawa ang mga krimeng ibinintang sa kanya nang maging kalaban na siya ng US. Sa pagmanipula ng US at papet na rehimeng Iraqi sa buong proseso ng paglilitis kay Hussein ay sadyang itinago ang responsibilidad ng US sa mga krimen umanong ito.

Nang lusubin at kolonisahan ng US ang Iraq, lalo pang pinasahol ng US ang hidwaan ng mga etnikong grupo sa Iraq sa pamamigtan ng pagpabor sa mga Shi'ite at panggigipit sa iba, laluna sa mga Sunni Arab.

Nais palabasin ng US na kagustuhan ng mamamayang Iraqi ang pagbitay kay Hussein. Inaasahan nitong mapatatahimik na ang Iraq

Sa kabilang naghuhumiay na kabiguan sa larangan ng digma at sa malakas na panawagan ng mamamayang Amerikano, patuloy na tumatanggi si Bush na tanggaping bigo at walang pag-asang magtagumpay pa ang inilunsad niyang gera laban sa Iraq...

matapos mailigpit ang dating lider na siyang naging sangkalan ng US sa pananalakay, okupasyon, pandarambong at mga pagmamalupit nito sa Iraq. Nais din ng US na palitawing kaya ng papet na rehimeng mapagkaisa at aktwal na pamunuhan ang mamamayang Iraqi.

Sa pag-atas ng US at papet na rehimeng mapatayin ang pinatalsik na presidente ng Iraq, ginawang martir si Hussein ng mapagpalayang kilusang Iraqi nang hindi si nasadya. Lalo lamang nagpatindi ng pagkamuhi ng mamamayang Iraqi sa imperyalistanag US at papet na rehimeng Maliki at lalong nagpaliyab ng paglaban ng malawak na hanay ng mamamayang Iraqi ang pagpatay kay Hussein. Ibayong pinatindi ng pagbitay kay Hussein ang galit ng mga katribo niyang Sunni Arab at ng mas malawak na mamamayang Iraqi laluna't narekord sa *cellphone* at nalantad sa mamamayan ang mga pag-aaliupusta na ginawa kay Hussein noong binibitay siya, kaiba sa pinalabas sa upisyal na midya. Lalo pa nitong napalala ang alitan ng mga etnikong grupo kasabay ng pagigting din ng kani-kanilang paghimagsik sa okupasyon ng US at lalong nawalan ng kakayahan ang ibayong nahihiwalay at mabuway na papet na rehimeng Maliki na

mapagkaisa at mapamunuhan ang bansa at mapigilan ang paglaban ng mamamayan.


Daan-daang Iraqi ang mapangahas na lumabag sa *curfew* upang magpugay sa yumaong lider nang ihatid ito sa kanyang huling hantungan noong umaga ng Disyembre 31. Mas marami pa ang naglunsad ng mga demonstrasyon at pagkilos laban sa mga detatsment at tsekpoyn na ginugwardahan ng mga sundalong Amerikano. Sunud-sunod rin ang mga pagsabog sa iba't ibang dako ng Iraq.

Sa kabilang naghuhumiay na kabiguan sa larangan ng digma at sa malakas na panawagan ng mamamayang Amerikano, patuloy na tumatanggi si Bush na tanggaping bigo at walang pag-asang magtagumpay pa ang inilulunsad niyang gera laban sa Iraq at kailangan nang iatras sa lalong madaling panahon ang mga tropang Amerikano mula rito. Sa halip, nangangarap pa si Bush na makakamit pa ang tagumpay ng US sa Iraq at iginigiit niya ang pagpapadala pa ng dagdag na mga tropa roon.

Nagkakamali ang US at ang papet nitong gubyerno kung inaakala nilang huhupa ang paglaban ng mamamayang Iraqi ngayong patay na si Saddam Hussein. Mas malaking bahagi ng armadong kilusan laban sa pananakop sa Iraq ay mga grupong walang kaugnayan sa kanya. Ang tiyak, magpapatuloy ang pagigting ng pakikibaka ng mga Iraqi hangga't hindi nagagapi ang mananakop at mga galamay nito sa bansa.

AB

Ang tiyak, magpapatuloy ang pag-igting ng pakikibaka ng mga Iraqi hangga't hindi nagagapi ang mananakop at mga galamay nito sa bansa.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 1

Enero 7, 2007


www.philippinerevolution.net

Editoryal

Wakasan ang di pantay na relasyon sa US! Parusahan ang traydor na si Arroyo!

Malaking katrayduran at paninikluhod sa interes ng US ang pagsusuko ng rehimeng Arroyo kay Lance Corporal Daniel Smith sa kustodiya ng US noong Disyembre 29. Walang kasinggarapal na ipinamalas ni Gloria Arroyo ang kanyang pagkatuta sa imperyalismong US nang kanyang iutos na ilipat mula sa Makati City Jail tungo sa US Embassy ang sundalong Amerikong nahatulan sa salang pagghasa sa Pilipang si "Nicole."

Malaking kabulastugan ang sinasabi ni Arroyo na iniutos niya ang pagsusuko kay Smith sa US "alin-sunod sa kapakanan at interes ng Pilipinas" at sa layuning "iligtas ang estratehikong relasyon" ng US at Pilipinas na nanganganib na masira sa aniya'y di pagtupad sa Visiting Forces Agreement (VFA). Katunayan, ang pagsusuko kay Smith sa kustodiya ng US ay pagghasa sa soberanya ng Pilipinas at karagdagang pag-



lapastangan sa biktimang si "Nicole." Ito ay aroganteng pagwawasiwas ng kapanfyarihang *superpower* ng US, kasuklam-suklam na pagpapakatuta ng rehimeng Arroyo at tahasang pag-alipusta sa pambansang dignidad ng mamamayang Pilipino.

Patagong itinakas ng gubyernong Arroyo si Smith mula sa Makati City Jail at ibinigay sa US Embassy sa laking takot na putulin ng US ang ayuda militar nito sa Pilipinas. Hayok na hayok si Arroyo sa ayudang ito para magamit niyang pansuhol sa mga bulok at pasistang heneral na sumusuhay sa kanyang paghahari. Asang-asa rin siya sa mga segundamanong sandata para ipanlaban sa mga rebolusyonaryong pwersa at ipanduro sa mamayahan. Tahasang inamin ni Chief Presidential Legal Counsel Sergio Apostol na "wala tayong mapagpipilian kundi ibalik si

Mga tampok sa isyung ito...

Itinakas ni Arroyo si Daniel Smith

PAHINA 3

P125 dagdag sa sahod, ipinasa sa Kongreso

PAHINA 6

Kaguluhan, himagsikan sa Iraq, lalong titindi

PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*